**ARALIN 6** **Ang mga Pandaigdigang Pangyayari at Malayang Kaisipan**

Takdang Araw 1-3 araw

**Layunin**

Nakapagtatalakay ng mga pandaigdigang pangyayari bilang konteksto ng malayang kaisipan tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan.

- Nakapagpapaliwanag ng paglipas ng merkantilismo bilang ekonomikong batayan ng kolonyalismo.

**Paksang Aralin**

Paksa: Ang mga Pandaigdigang Pangyayari at Malayang Kaisipan

Kagamitan: Task card, larawan

Sanggunian: Code: K-12 AP5PKB-IV-c2, LM pp.

REGIONAL WRITESHOP ON THE DEVELOPMENT OF INSTRUCTIONAL MATERIALS (IMS) BY DO IT YOURSELF (DIY) METHOD IN HEKASI V

*Makabayan* Kasaysayang Pilipino p. 108-109


*Isang Bansa, Isang Lahi* Evelina M. Viloria, Ed. D. et. al.

https://link.quipper.com/en/classes/573ae8e53c4bee0aee000429/courses

www.google.com/image

**Pamamaraan**


A. Panimula
   1. Ipasuri at ipahambing sa mga mag-aaral ang dalawang larawan. Maaaring ilagay sa sa Venn Diagram ang kanilang mga sagot.



Ang Pilipinas Bago Dumating ang Mga Kastila



Ang Pilipinas Nang Dumating ang mga Kastila



   2. Iugnay ang mga sagot sa aralin.

Ang mga Pilipino noon ay wala pang konsepto ng nasyon o bansa. Bago pa dumating ang mga Espanyol ang pamahalaang mayroon sa bansa ay mga nagsasariling barangay lamang. Walang iisang

wika, tradisyon, relihiyon, o gawaing maaaring magbuklod sa lahat ng mga Pilipino noon. May ilang pangyayari noong ika-19 na siglo na nagbunsod sa pagsilang ng diwang makabansa.

B. Paglinang
1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa **Alamin Mo,** LM Pahina.
2. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin lahat ng sagot nila.
3. Ipabasa ang tekstong tumatalakay sa mga pandaigdigang pangyayari .
4. Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto sa LM.
5. Ipagawa ang mga sumusunod.

**Gawain A**
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

**Gawain B (Think Pair Share)**
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

**Group Work**
- Pangkatin ang mag-aaral sa apat. Bigyan ng taskcard ang bawat mag-aaral. Sabihin na dapat nilang sundin ang mga sumusunod na pamamaraang nakasulat sa taskard. Pagkatapos, ibabalik ng mga lider ang taskcard sa guro, babalik sa upuan, mananatiling tahimik at hihintaying matapos ang ibang pangkat. Maaaring gumamit ng sariling rubric upang maging gabay sa pagmamarka sa gawain ng bawat pangkat.

| Task Card | Task Card | Task Card | Task Card |
|---|---|---|---|
| Pangkat I | Pangkat II | Pangkat III | Pangkat IV |
| Egg Hunting<br>Mga Gawaing Dapat Sundin:<br>1. Kunin ng lider ang task<br>card sa guro.<br>2. Hanapin ang mga itlog sa loob ng silid-aralan.<br>3. Kapag nakita na ang mga itlog, buksan at kunin ang papel na nasa loob nito.<br>4. Isulat sa “show-me-board”ang mga nakuhang tanong.<br>5. Ibalik sa guro ang task card, bumalik sa upuan, manatiling tahimik at hintaying matapos ang ibang pangkat.<br>• Paano naging ekonomikong batayan ng | Role Playing<br>Mga Paghahandang Dapat Gawin sa Loob ng Limang Minuto.<br>1. Maghanda para sa isang role playing.<br>2. Ipakita sa klase ang pagkakaiba ng dalawang uri ng paring Katoliko noon: ang paring regular at ang paring secular.<br>• Ipakita na ang paring regular ay yaong mgakabilang sa isang grupo o orden ng mgarelihiyoso at kilala bilang mga misyonerongunit hindi naman sila nagbibigay ng pantay na pagtingin sa mga paring Pilipino.<br>• Ipakita na ang paring sekular ay hindi | Family Portrait<br>Family Portrait<br>Mga Paghahandang Dapat Gawin sa Loob ng Limang Minuto.<br>1. Hatiin sa dalawang grupo ang pangkat. Magkunwaring Family Portrait.<br>• Ang unang grupo aymagpapakita ng tatlong paring martir.<br>• Ang ikalawang grupo ay magpapakita ng<br>tatlong paring martir na pinatay sa pamamagitan ng garote.<br>2. Maaaring gumamit ng mga props na makikita sa loob ng silid-aralan. | Family Portrait<br>Family Portrait<br>Mga Paghahandang Dapat Gawin sa Loob ng Limang Minuto.<br>1. Hatiin sa dalawang grupo ang pangkat. Magkunwaring Family Portrait.<br>• Ang unang grupo aymagpapakita ng tatlong paring martir.<br>• Ang ikalawang grupo ay magpapakita ng<br>tatlong paring martir na pinatay sa pamamagitan ng garote.<br>2. Maaaring gumamit ng mga props na makikita sa loob ng silid-aralan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| kolonyalismo ang merkantilismo ?<br>• Ano ang naging bunga sa mga Pilipino ng pagbubukas ng kalakalang pandaigdig?<br>• Ano ang nasyonalismo? | nagkaroon ng pagkakataon na mamahala sa parokya | 3. Tiyakin ng lider na lahat ng kasapi ng pangkat ay may papel na gagampanan sa iiasagawang role playing na tatagal lamang ng isang minuto. | 3. Tiyakin ng lider na lahat ng kasapi ng pangkat ay may papel na gagampanan sa iiasagawang role playing na tatagal lamang ng isang minuto. |

6. Bigyang-diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM at talakayin ang sagot.

**Pagtataya**

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa LM.


**Takdang Gawain**

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Ano ang merkantilismo? May kinalaman ba ito sa kolonisasyon?

Susi sa Pagwawasto.

Gawain A

 1, 2, 5, 6, 7, 8, 9 X 3, 4, 10

Gawain B

1. nalaman nilang maaari naman pala silang maging kapantay ng mga Espanyol
2. Napadali ang paglalakbay sa pagitan ng Espanya at Pilipinas dahil dito.
3. dahil siya ay may kaisipang liberal
4. pagkamatay ng tatlong pari
5. pinatay sa pamamgitan ng garrote

Gawain C

Gawing gabay sa pagmamarka ng Gawain ng mag-aaral ang nasa ibaba.

| RUBRIC SA PAGMAMARKA NG DULA | | |
|---|---|---|
| Mga Pamantayan | Puntos | Nakuhang Puntos |
| 1. Ipinakitang impormasyon sa dula | | |
| 2. Angkop ang isinadula sa tema ng Gawain. | | |
| 3. Maayos at makapukaw-pansin ang pagsasadula | | |
| Kabuuang Puntos | | |

1

1- kung hindi sapat na naipakita ang impormasyon sa dula

2- kung sapat na naipakita ang impormasyon sa dula
3- kung lubos na naipakita ang impormasyon sa dula

2 1- kung hindi angkop sa tema ng gawain
2- kung angkop sa tema ng gawain
1- kung lubos na angkop sa tema ng Gawain

3 1- kung hindi maayos ang dula
2- kung maayos ang dula
3 kung lubos na maayos at makapukaw- pansin ang dula

**ARALIN 8 Ang Kaisipang “La Ilustracion”**
Takdang Panahon 1-2 araw

**Paksang Aralin**

Layunin: Nakapagtatalakay ng mga pandaigdigang pangyayari bilang konteksto ng malayang kaisipan tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan.

- Nakapagpapaliwanag ng paglitaw ng kaisipang “La Ilustracion”.

Paksa: Ang Kaisipang “La Ilustracion”
Kagamitan: Task card, larawan
Sanggunian: Code: K-12 AP5PKB-IV-c2
Regional Writeshop On The Development Of Instructional Materials (Ims) By Do It Yourself (Diy) Method In Hekasi V
Makabayan Kasaysayang Pilipino V pahina 109-111
Pilipinas Kong Hirang pahina 215-216
https://link.quipper.com/en/classes/573ae8e53c4bee0aee000429/courses
www.google.com/image

**Pamamaraan**

A. Panimula
1. Ipalarawan ang nasa ibaba.



2. Itanong:
   Anu-ano ang nalalaman mo tungkol sa kanila?
   Bakit kaya sila itinuturing na bayani?
3. Tanggapin lahat ng sagot ng mga mag-aaral.
4. Iugnay ang mga sagot sa aralin.

Nadama ng bayan ang pangangailangan ng pagbabago. Sa pamumuno ng mga batambatang Pilipinong kabilang sa mga ilustrado, binuo ang isang pangkat na nagtaguyod nito.

B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa **Alamin Mo,** LM.
1. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin lahat ng sagot nila.
2. Ipabasa ang tekstong tumatalakay sa merkantilismo bilang ekonomikong batayan ng kolonyalismo.
3. Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto sa LM.
4. Ipagawa ang mga sumusunod.

**Gawain A**
**Individual Work**

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

**Gawain B**
**Think Pair Share**

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B sa LM pahina ____.
- Ipasulat ang kanilang sagot sa meta cards.
- Gawing gabay sa pagmamarka ng Facebook Profile ang sumusunod na rubric.

| RUBRIC SA PAGMAMARKA NG FACEBOOK PROFILE | | |
|---|---|---|
| Mga Pamantayan | Puntos | Nakuhang Puntos |
| 1. Wasto ang ipinakitang impormasyon tungkol sa napiling propagandista. | 4 | |
| 2. Angkop ang mga nakuhang datos para sa gawain. | 4 | |
| 3. Maayos at organisado ang inilahad na impormasyon sa Facebook profile. | 2 | |
| Kabuoang Puntos | | |

**Gawain C**
**Group Work**

- Pangkatin ang mag-aaral sa apat. Bigyan ng taskcard ang bawat mag-aaral. Sabihin na dapat nilang sundin ang mga sumusunod na pamamaraang nakasulat sa taskard. Pagkatapos, ibabalik ng mga lider ang taskcard sa guro, babalik sa upuan, mananatiling tahimik at hihintaying matapos ang ibang pangkat. Maaaring gumamit ng sariling rubric upang maging gabay sa pagmamarka sa gawain ng bawat pangkat

| Task Card | Task Card | Task Card | Task Card |
|---|---|---|---|
| Pangkat I | Pangkat II | Pangkat III | Pangkat IV |
| Mga Gawaing Dapat Sundin:<br><br>1. Kunin ng lider ang task card sa guro. | Mga Gawaing Dapat Sundin:<br>1. Ang lider ng pangkat ang mag-aayos ng kanilan gagawing sabayang bigkasan. | Debate, na gagawin lamang sa Loob ng Limang Minuto:<br>Mga Paghahandang Dapat Gawin sa Loob ng Limang Minuto. | Group Discussion<br>1. Pag-usapan ang mga obserbasyong isinagawa ng bawat pangkat.<br>2. Ang bawat kasapi ng pangkat ay dapat maka-pagsabi ng kani-kaniyang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Gumawa ng poster tungkol sa pag-usbong ng kaisipang "La Ilustarcion".<br>3. Ipaliwanag ang poster na ginawa.<br>4. Ibalik sa guro ang task card, bumalik sa upuan, manatiling tahimik at hintaying matapos ang ibang pangkat | **Ako, Ikaw, Tayo sa Kilusang Propaganda**<br><br>Sabay-sabay na bibigkasin:<br>Lagi nating gunitain ang ginawang pagbabago sa Kilusang Propaganda sa tulong ng ating mga bayani na sina Marcelo H. Del Pilar, Graciano Lopez Jaena at marami pang iba. Na ang layunin mapabuti ang edukasyon, pagsasaka at kalakalan<br><br>(3 bata ang magsasabi)<br>Ako,Ikaw, Tayo sa Kilusang Propaganda ating pag-ibayuhin<br>Upang bansa natin ay umunlad.<br>Lahat:<br>Ako, Ikaw,Tayong lahat maipahayag ang kalayaan at karapatan ng bawat Pilipino. Ang Kilusang Propaganda ang nagbunsod sa ating mga Plipino upang matamo ang pantay-pantay na pakikitungo sa kapwa natin Pilipino.<br><br>(1 Magsasalita)<br><br>Mabuhay ang Kilusang Propaganda!<br>Mabuhay ang Pilipino!<br>(Lahat) Mabuhay!!! | 1. Maghanda para sa isang Debate<br><br>2. Ipakita sa klase ang mga sumusunod na Gawain:<br>Talakayin kung makatarungan o hindi ang hinihinging mga pagbabago ng mga Pilipino sa panahong ito.<br>• Mga batang gaganap bilang mga Espanyol.<br><br>3. Maaaring gumamit ng props na makikita sa loob ng silid-aralan upang mapaganda ang debate.<br><br>4. Lahat ng kasapi sa debate ay makikilahok upang maayos at mahusay na maisagawa ang hinihingi ng paksa. | obserbasyon.<br>3. Bigyan ng lider ng kani- kaniyang bilang ang bawat kasapi sa bawat presentasyon na gagawan ng obserbasyon.<br>4. Isulat ang mga obserbasyon sa "show- me-board". |

Bigyang-diin ang kaisipan sa **Tandaan Mo** sa LM at talakayin ang sagot.

**Pagtataya**

Pasagutan ang bahaging **Natutuhan Ko** sa LM.